

37 Empleyado ng pamahalaan/Civil Servant



Ano ang empleyado ng pamahalaan?

Ang mga taong nagtatrabaho sa city hall at institusyon ng gobyerno sa bansa ay tinatawag na civil servant. Sa mga nagtatrabaho sa institusyon ng gobyerno, ang tawag sa kanila ay opisyal ng gobyerno at ang mga nagtatrabaho naman sa prefecture at cityhall ay tinatawag na mga local civil servant. Sa pagiging empleyado ng gobyerno, may ilang mga trabaho na hindi puwedeng maging empleyado ang dayuhan.

Gustong kong maging empleyado ng pamahalaan!

Sa halip na kuwalipikasyon, may recruitment examination sa bawat trabahong nais pasukan bilang empleyado ng pamahalaan.

- Government Officials Comprehensive Recruitment Examination o General Employees National Recruitment Examination
- Prefectural Recruitment Examination o Municipal Recruitment Examination

Ang ilan sa mga tipikal na halimbawa ng pagsusulit.

Gayunpaman, sa pagkuha ng kuwalipikasyong, may mga ilang kasong hindi maaaring kumuha ng eksaminasyon ang dayuhan dahil 「rekomendado ang pagkakaroon ng Japanese Nationality」. Sa mga gustong maging empleyado ng pamahalaan, tiyaking mabuti kung maaaring kumuha ng ekasaminasyon para dito.

Ang pagkuha ng Government Recruitment Examination ay isinasagawa sa Japanese. Kailangan ang talino at mataas na antas ng kaalaman sa Japanese language. Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihonggo at iba pang subjects sa paaralan, ganun din ang paghahasa ng ibang wika.